MEKANISASYON NGAYON!
Inilalathala ng RCEF Mechanization Program
2 beses kada taon, Tagalog
Enero-Hunyo 2022
ISSN: 2783-0039

Php36.8M halaga ng RPS, tinanggap ng Pangasinan

JETT MOLECH G. SUBABA

Dir. Dionisio G. Alvindia kasama ang mga lokal na kawani ng gobyerno at ang mga miyembro ng Movers MPC na nakatanggap ng RPS.

Nasa 36.8 milyong pisong halaga ng mga pasilidad ng Rice Processing System I (RPS) sa ilalim ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Mechanization Program ang natanggap ng probinsya ng Pangasinan sa pamamagitan ng local government unit ng Manaoag at ng Movers Multi-purpose Cooperative mula sa munisipalidad ng Natividad.

Ang RPS I ay mayroong muti-stage rice mill na may halagang umaabot sa Php12M at may kapasidad na 2,400 tons kada taon, at recirculating dryer na may halagang Php6.4M at may kapasidad na 6 tons kada batch.

Layunin ng RPS na bigyan ng karagdagang kita ang mga magsasaka sa pamamagitan ng pagproproseso ng mga dekalidad na bigas, at pababain ang porsyento ng mga natatapon na butil sa makatapos-ani.

Dinaluhan ng punong lungsod ng Manaoag ang turn-over ceremony ng RPS I na ginanap noong Mayo 5, kasama ang lahat ng mga farmers' cooperatives and associations (FCAs) na magiging benepisyaryo ng mga pasilidad.

"Lubos ang aking pasasalamat sa RCEF at sa PHilMech sa mga pasilidad na ito na tunay na pakikinabangan ng ating mga magsasaka. Bilang counterpart, ipinatayo po ng ating LGU ang warehouse para sa RPS I facilities," ayon kay Mayor Kim Mikael Amador ng Manaoag.

Samantala, lubos rin ang pasasalamat na ipinabatid ng chairperson ng Movers MPC sa mga pasilidad galing RCEF.

"Hindi po masukat ang aking pasasalamat sa PHilMech sa panibagong biyayang natanggap namin sa programa ng RCEF. Iingatan po namin ito at sisiguraduhing magagamit ng aming mga miyembro at iba pang mga magsasaka," ani G. Dante Pagal, chairperson ng Movers MPC.

Mga Nilalaman ...

Editoryal

Balita

Lathalain

Iba pang balita

Editoryal



Panahon na para sa makinaryang pantanim

Sa kabila ng mga magagandang benepisyo at malaking pontensyal ng mga makinaryang pantanim na mapababa ang gastos ng mga magsasaka sa pagtatanim ng palay, sadyang mababa pa rin ang adoption rate o paggamit ng mga ito sa mga bukirin dito sa ating bansa.

Mula sa datos ng PHilMech (Enterprise Development Division, 2021) kaugnay sa pagpapatupad ng RCEF Mechanization Program, tinatayang nasa pitong hektarya lamang kada season ang naseserbisyuhan ng isang mechanical rice transplanter.

Sa isa pang pag-aaral ng PHilMech (Francisco, et al., 2019) lumalabas na ang problema sa mababang paggamit ng mga makinaryang pantanim ay dahil sa mga teknikal at sosyo-ekonomiko na aspeto nito. Ilan sa mga ito ay ang hirap ng seedling preparation, maluluwang na pagitan ng mga punla, paghahanda ng lupa, pagpapatubig, at iba pa. Gayundin ang labor displacement, hindi angkop ang makinarya sa lugar, at mataas na rental fees.

Sa kabilang banda, masasagot ng makinaryang pantanim ang kakulangan ng farm laborers tuwing taniman.

Maliban dito, malaki rin ang matitipid ng mga magsasaka sa pagtatanim at makapagpapataas din ito ng kita. Ayon sa parehong pag-aaral, nasa P3,402.31 kada ektarya^{-1} ang magiging savings ng mga magsasaka, at dahil mas mataas ang ani gamit ang makinarya, tataas ang kita ng mga magsasaka ng P3,246.56 kada ektarya^{-1} (Francisco, et al., 2019).

Kaya naman, bilang ahensya ng mekanisasyon, mas pinaiigting pa ng PHilMech ang pagsisikap na makapagbigay ng mga pagsasanay ukol sa makinaryang pansaka, pagsasagawa ng mga technology demonstration, at paglulunsad ng mga communication campaign at promotion. Kasabay nito ang pagpapamigay ng mga libreng makinarya sa ilalim ng RCEF.

Sinisimulan nila ito sa mga benepisyaryo ng programa upang mas maging competitive sila at tunay na maranasan ang mga benepisyo ng makinaryang pantanim.

Para sa PHilMech, panahon nang papasukin ang mga makinaryang pantanim sa mga palayan upang umarangkada ang mga magsasaka sa tamang makinarya.

Mekanisasyon Ngayon
Enero-Hunyo 2022 | ISBN: 2783-0039

Editorial Consultant: Milagros B. Gonzalez, Ph.D. | **Editor-in-Chief:** Jett Molech G. Subaba
Associate Editor/Layout Artist: John Lloyd P. Mina
Cartoonist: Precious Mae Gabato

Contributing Writers: Mary Ann A. Bucsit, Shaira Gem M. Lacson, Jett Molech G. Subaba, Jenny Angeline B. Poco, John Lloyd P. Mina

Para sa karagdagang impormasyon : Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech)
CLSU Compound, Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Email: rcefmechanization@gmail.com | Website: www.philmech.gov.ph

TMTD naisagawa ang 51 batches ng training sa buong Luzon

JOHN LLOYD P. MINA

Benepisyaryong FCA sa kalagitnaan ng hands -on training

Para sa unang semestre ng taong 2022, nagsagawa ang Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech) sa pamamagitan ng Technology Management and Training Division (TMTD) ng 51 batches ng Training Courses sa Operation and Maintenance of Rice Machinery (O&M) sa iba't ibang probinsya sa Luzon.

Kabilang sa mga ito ay ang Pampanga, Ilocos Norte, La Union, Nueva Ecija, Bulacan, Ilocos Sur, Tarlac, Bataan, Zambales, Pangasinan, Nueva Vizcaya, Isabela, Cagayan, Quirino, at Kalinga.

Sa pangunguna ng TMTD kasama ang Facility Management and Field Operation Division (FMFOD) ay naisagawa ang pagsasanay sa humigit kumulang 1,160 na miyembro ng mga kwalipikadong Farmers Cooperatives and Associations (FCAs) at sila ay nag-sipagtapos sa naturang pagsasanay mula Marso hanggang Hunyo ngayong taon.

Ang naturang pagsasanay ay naglalayong mabigyan ng sapat na kaalaman ang mga kwalipikadong FCAs sa tamang paggamit at pag mementina ng mga makinarya mula sa RCEF.

Ito ay mayroong tatlong bahagi, sa una ay magkakaroon ng lecture discussions, Ikalawa ay ang hands-on training kung saan aktwal na itinuturo ang tamang paggamit at pag mementina ng mga makinarya, at ang huli ay ang post-evaluation test upang malaman kung naging epektibo ang pagsasanay sa mga miyembro ng FCA.

Layunin ng PHilmech na makapagsanay pa ng mas maraming magsasaka upang mapataas ang kanilang ani at kita sa paggamit ng mga makinarya.

763 FCAs sa Luzon sumailalim sa training-workshop

MARY ANN A. BUCSIT, SHAIRA GEM M. LACSON

Umabot sa tinatayang 763 Farmers' Cooperatives and Associations (FCAs) na benepisyaryo ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Mechanization Program sa mga rehiyon sa Luzon ang nabigyan ng training-workshop para sa unang bahagi ng taon.

Ito ay naisagawa sa pangunguna ng Enterprise Development Division (EDD) maliban sa mga nasabing FCAs, nakibahagi rin sa naturang training-workshop ang 154 na agricultural technicians mula sa mga LGUs sa Luzon.

Sa hanay ng mga FCAs, nakilahok ang mga officers-Pangulo o Manager at Treasurer o Bookkeeper; sa dalawang araw na Training-Workshop on Farm Machinery Operation, Management and Enterprise Development kung saan naibahagi ang mga tamang pamamaraan ng paggamit at pamamamahala ng makinaryang kanilang natanggap lalo na sa larangan ng enterprise o pag-nenegosyo.

Pangunahing layunin nito na magkaroon ng tuluy-tuloy na operasyon sa pagbibigay ng serbisyong makinarya ng bawat FCA. Sa pamamagitan nito ay nakagawa ang mga FCAs ng vision at mission para sa kanilang farm machinery enterprise.

Itinuturo sa kanila ang proseso ng pagbibigay ng serbisyo, management structure at higit sa lahat, ang pag compute ng service fee.

"Nung nabigyan kami ng makinarya ng PHilMech, yung mga dati naming hindi nakakaya ay nagampanan na namin. Bukod sa mga miyembro, nakapagserbisyo din kami sa iba." ayon kay Mr. Elmer L. Manalang, Presidente ng Reform at Gabay Sa Sakahan Ng Talavera

"Pag dating naman sa singil, kailangan mas mababa kami sa mga private. Sa ngayon ay nakapaglabas po kami ng harvester na kinuha sa sarili naming kita, hindi grant ng gobyerno," dagdag niya.

Sa kasalukuyan, patuloy ang ginagawang paglilibot ng mga EDD cluster teams sa iba't ibang rehiyon ng Luzon upang magbigay tulong at gabay sa pagnenegosyo gamit ang makinarya.

Rose David, Pangulo ng Pangkat Magsasaka ng New San Jose at ang kauna-unahang babaeng pangulo ng kooperatiba sa kanilang lugar.

Rosas ng Pangkat Magsasaka ng New San Jose

NI JENNY ANGELINE B. POCO

Tulad ng isang rosas na mahalimuyak, makulay at higit sa lahat may tindig at tinik, si Rose David ng samahang Pangkat Magsasaka ng New San Jose mula sa Dinalupihan, Bataan ay tumatayang pinuno ng kanilang samahan.

Nasubok ang kaniyang pagiging Juana sa larangan ng pagsasaka nang siya ay mailuklok bilang chairperson ng kanilang samahan tatlong taon matapos maitatag noong 2016.

Kasabay ng kaniyang pag-usbong bilang isang rosas ng kanilang samahan ay ang paglaganap ng mga makabagong pamamaraan sa pagsasaka hatid ng PHilMech sa mga grupo ng mga magsasaka tulad ng kanilang samahan.

Dito ay napatunayan ang kakayahan ni Rose bilang isang lider nang hinikayat sila ng technician sa kanilang lugar na maghanda ng mga nararapat na dokumento upang maisama sa mga grupo ng magsasaka na mapagkakalooban ng libreng makinarya ng RCEF mula sa PHilMech.

"Hindi namin inaasahan na mapapasama kami sa mga mapagkakalooban ng mga libreng makinarya dahil biglaan lang kaming tinawagan at pinagpasa ng mga documents," ani Rose.

Kaya naman laking pasasalamat ng kanilang samahan sa abilidad ni Rose na masinop sa mga kagamitan at laging handa sa anumang sitwasyon dahil dito ay isa ang grupo nila sa mga benepisyaryo ng RCEF Mechanization Program.

Ngunit ayon kay Rose nagkaroon din ng hamon sa kanilang samahan nang dumating na ang mga libreng makinarya para sa paghahanda ng lupa at paglilipat tanim sa kanilang kooperatiba.

"Noong una ay takot talaga kaming gamitin itong mga makinarya ngunit naglakas loob pa rin kami dahil kung tuluyan kaming matatakot sumubok ay hindi namin makikita ang benepisyo at kagandahan ng mga makinaryang ito," paliwanag ni Rose.

At dahil sa pagtindig at paniniwala ng Pangkat Magsasaka ng New San Jose sa paggamit ng mga makinarya lang hatid ng PHilMech, nagkaroon ng mahalimuyak na resulta ang kanilang pagsasaka.

"Ngayon mas madali na po ang aming trabaho tulad ng paghahanda ng lupa at nakakapagtanim na rin kami ng mabilis. Mas mabilis na rin na naani ang mga palay lalo na kapag kailangan ng mabilis na operasyon," ayon kay Rose.

Ibinahagi rin niya at ng kaniyang kasamahan ang pagkakaiba ng paggamit nila ng mga makinarya sa

manwal na paghahanda ng lupa, at paglilipat tanim hanggang sa pag-aani.

"Dati umaabot kami ng isang linggo sa paghahanda pa lang ng lupa. Ngayon gamit ang four-wheel drive tractor, halos 3-4 hours lang tapos na. Sa pagsasabog tanim naman, 20% lang kinikita namin noon. Ngayon nasa 30% na ang kita dahil sa precision rice seeder," aniya.

"Sa loob ng isang araw tatlong ektarya ang natatapos namin gamit ang combine harvester samantalang dati ay isang ektarya lang sa isang araw tapos marami pang proseso bago tuluyang maka-harvest," dagdag niya.

Ngunit lahat ng makulay na tagumpay ay may kaakibat na sikreto at tamang proseso.

"Nasa pag-uusap lang ng maayos ang aming sikreto dahil marami talagang darating na problema pero kung may pagkakaunawaan, masosolusyunan," ani ni Rose.

"Naging malakas ako dahil kapag makikitaan nila ako ng kahinaan ay kakayan-kayanin lang nila ako at hindi magiging maayos at tama ang serbisyo ko sa aming samahan," dagdag niya.

Tunay ngang kapag may tamang lider at pagkakaunawaan ang isang samahan mayroong mahalimuyak na tagumpay.

Samahan ng Pangkat Magsasaka ng New San Jose kasama sakay ang kanilang natanggap na Four-Wheel Drie Tractor.

Mga miyembro ng Sta. Monica Multi-Purpose Cooperative Association at ang kanilang natanggap na makinarya

Disiplina: Bunga ay tagumpay

NI JOHN LLOYD P. MINA

"Disiplina ang sikreto. Kung hindi ka magiging seryoso at hindi mo didisiplinahin ang sarili mo, mahihirapan ka talagang umunlad sa ano mang aspeto ng buhay mo," ani Ginoong Hilgardo David, pangulo ng Sta. Rita Farmers Cooperative sa Pampanga.

Kwento niya, mahirap ang pagbuo ng kanilang kooperatiba dahil sila ay nagsimula ng walang kasiguraduhan at puno ng agam-agam sa takot na matulad sa ibang mga grupo ng mga magsasaka na sumubok ngunit hindi pinalad sa kanilang sinimulan. Ngunit nagpatuloy at sineryoso ang pagbuo ng samahan.

"Naalala ko noon, nagsimula kami sa tulong lamang ng isang kaibigan ko na sumuporta sa amin sa pag rerehistro ng samahan at pag bibigay ng seed money. Kaya naman pinagbutihan namin at ipinagpatuloy ang pagbuo ng kooperatiba," ani G. Hilgardo.

Dahil na rin sa pagiging mapili sa miyembro, hindi pa ganoon kalaki ang kanilang samahan. Isang pamantayan ng samahan ang disiplina at respeto sa kapwa bago tanggapin bilang isang miyembro. Samantala, hindi naman ito isang kahinaan sa kanilang grupo bagkus naging susi sa pagtatagumpay ng samahan.

Mga hamon sa mekanisasyon

Gaya ng mga nakararaming samahan, nagsimula ang kanilang kooperatiba sa manwal o tradisyunal na pagsasaka. Kaya naman hindi maitatanggi ang malaking pagbabagong nangyari sa kanila nang nakatanggap ang kanilang samahan ng mga makinaryang pansaka mula sa Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Mechanization Program ng PHilMech.

Kabilang sa mga natanggap ng samahan ay ang combine harvester, four-wheel drive tractor, transplanter, at hand tractor mula sa programa. Bagaman nakagaan ito ng malaki sa kanilang pagsasaka, hindi rin maikukubli samu't-saring komento tungkol sa mga makinaryang ito.

Nariyan ang mga pabor at interesado sa makinarya at pagsali sa samahan. Samantala, sa kabilang banda ay ang mga reklamo dahil maaaring mawalan ng trabaho.

"Hindi naman talaga kaagad matatanggap ng mga magsasaka

ang mga makinarya lalo na yung mga wala sa isang kooperatiba, dahil ang iniisip nila perwisyo yan sa kanilang hanapbuhay pero ang hindi nila alam ito ang sasalba sa kinabukasan ng mga susunod pang magsasaka" ayon kay G. Hilgardo.

Sinubok ngunit hindi nagpatinag ang samahan nila G. Hilgardo, bagkus binigyang kalinawan nila ang mga haka-haka ng mga tao sa kanilang komunidad, ipinakita nila ang kagandahan ng mga makinarya at kanilang pagiging matatag na samahan.

Benepisyo ng Makinarya

Inilahad din ni G. Hilgardo ang magagandang benepisyo ng mga makinarya gaya ng pagpapababa ng kanilang gastusin ng dalawampung porsyento kung ihahambing sa manwal na operasyon sa bukid. Maliban dito ay ang manpower pagdating sa operasyon sa bukid. Kung dati ay nangangailangan ng maraming tao sa pagsasaka ngayon ay mas madali para sa kanila dahil nasa dalawa hanggang apat na tao lamang ang kinakailangan sa paggamit ng mga makinarya.

Aniya, noon umaabot ng isang lingo ang paghahanda ng lupa, ngayon ilang oras na lang ang pag-aararo gamit ang four-wheel drive tractor. Gayundin, napapabilis narin ang pagtatanim gamit ang transplanter at napapabilis ang pag-aani gamit ang harvester.

Higit sa lahat, nadagdagan din ang kanilang ani dahil sa mga makinaryang pansaka. Ito ang mga benepisyo na kanilang naranasan sa mga makinarya na patuloy nilang ikinakampanya sa mga kalapit na komunidad na interesado rito.

"Napakaganda talaga ng mga makinaryang pansaka dahil mas mapapadali ang pag-aani. Kung may parating na bagyo ay maari mong ma-harvest ng mas mabilis ang iyong mga tanim at pagkatapos kung hindi parin sumisikat ang araw ay maari mo naman itong patuyuin sa pamamagitan ng dryer." ani Alex Dizon, ingat-yaman ng samahan.

Taos puso ang kanilang pasasalamat sa mga makinaryang natanggap dahil nagbigay ito ng kaginhawahan sa katulad nilang mga magsasaka.

Sa tagumpay na nakamit ng samahan at sa tulong ng mga makabagong makinarya, hindi pa rin nagbago ang pagiging disiplinado ng kanilang samahan. Kaya masasabing sila ay isang matagumpay na grupo ng mga magsasaka na tumindig laban sa mga komento ng mga tao at nagpatunay na disiplina ang kanilang susi sa tagumpay na bunga ng kanilang pagtutulungan.

Hilgardo David, Pangulo ng Sta. Monica Farmers Cooperatives sa Pampanga

Hilgardo David, Pangulo ng Sta. Monica Multi-Purpose Cooperative kasama ang kanyang mga miyembro mula Sta. Ana Pampanga

Pagpapalaganap ng mekanisasyon patuloy ang pag-arangkada

JETT MOLECH G. SUBABA

(Kaliwa) Info-hub establishment sa mga FCA models (Kanan) 2nd Youth summit in agriculture at ang mga tagapagsalita mula sa iba't ibang ahensya ng gobyerno.

Sa unang bahagi ng taon, tuloy-tuloy ang PHilMech sa pagpapalaganap ng kaalaman sa mekanisasyon gamit ang mga programa nitong pang-komunikasyon. kabilang dito ang info-hub, youth for mechanization campaign, radio-eskwela, at e-talakayan.

Info-hub

Nasa 22 na ang mga info-hub na naitatag sa mga opisina ng mga model farmers' cooperatives and associations o FCAs sa buong bansa. Dito ay maaaring makapagbasa o makahingi ng babasahin ang mga magsasaka ukol sa makinarya at pagpapalay. Maaari rin ditong maglunsad ng mga aktibidad pang-komunikasyon gaya ng panunuod ng mga video ng makinarya o sumali sa mga online training courses.

Nakikita ng mga magsasaka na ito ay magiging malaking tulong sa kanilang mga samahan upang mas marami pang malaman ukol sa paggamit ng makinarya.

"Madalas at gustong-gusto na kinukuha ng mga farmer-members ay yung Reference Manual kasi nandoon na lahat ng information tungkol sa mga makinarya mula land preparation hanggang milling", ayon kay Evangeline T. Atio-Ann, info-hub person-in-charge ng Villaverde Development Cooperative (VILDECO).

"Nakakatuwa dahil pati mga kabataang magsasaka na miyembro ng aming cooperative ay nagbabasa at kumukuha ng mga IEC materials dito sa info-hub," dagdag niya.

E-Talakayan, Radyo-Eskwela

Samantala, patuloy ang mataas na partisipasyon ng mga magsasakang benepisyaro ng RCEF sa online info caravan ng PHilMech na E-Talakayan. Ito ay isinasagawa gamit ang Facebook livestreams sa mga binuong close groups ng mga FCAs sa nasabing social media platform.

Ito ay isinasagawa tuwing Miyerkules at iba't ibang probinsya ang nagiging kalahok dito. Maaari rin silang magtanong at sasagutin ito mismo ng mga facilitators mula sa PHilMech. Para sa buong semestre nakapaglunsad ng pitong e-talakayan ang ahensya na dinaluhan ng 1,246 na magsasaka.

Samantala, para naman sa Radyo-Eskwela na inilulunsad sa iba't ibang radio stations sa buong bansa gamit ang pitong dayalekto sa tulong ng Radio Mindanao Network, nakapagpatapos ang programa ng 12, 156 na mga magsasaka. Ito ay mayroong sampung paksa na gugugulin ng mga magsasaka ng tatlong buwan tuwing 5:30 ng umaga.

Mainit ang pagtanggap ng mga magsasaka rito at ayon sa kanila, marami silang mga bagong natututunan ukol sa pagsasaka gamit ang makinarya.

Y4M

Gayundin, patuloy ang pagpapalaganap ng PHilMech sa kanilang kampanya upang hikayatin ang mga kabataan sa pagsasaka gamit ang makinarya sa ilalim ng Youth for Mechanization o Y4M. Layunin nitong hiikayatin ang mga anak ng mga benepisyaryo ng RCEF Mechanization Program o mga nakababatang miyembro ng mga FCAs.

Para sa unang bahagi ng taon, naimbitahan ang PHilMech sa 2nd Youth in Agriculture Summit na ginanap sa Quezon City noong ika-21 ng Abril upang ibahagi sa mga kalahok nito kung ano ang Y4M at ang mga adhikain nito.

Samantala, opisyal naman itong inilunsad noong ika-24 ng Mayo kasabay ang pagdiriwang ng ika-44 na anibersaryo ng PHilMech.